# *Mga Kinakailangan sa Pagtawag ng Dios Yugto 20*

*Mga Aral Mula sa Buhay ni Haring Jehosapat*

***"1 At si Josaphat na kaniyang anak ay naghari, na kahalili niya, at nagpakalakas laban sa Israel. 2 At siya'y naglagay ng mga kawal sa lahat ng bayang nakukutaan ng Juda, at naglagay ng mga pulutong sa lupain ng Juda, at sa mga bayan ng Ephraim, na sinakop ni Asa sa kaniyang ama. 3 At ang Panginoon ay sumasa kay Josaphat, sapagka't siya'y lumakad ng mga unang lakad ng kaniyang magulang na si David, at hindi hinanap ang mga Baal; 4 Kundi hinanap ang Dios ng kaniyang ama, at lumakad sa kaniyang mga utos, at hindi ayon sa mga gawa ng Israel. 5 Kaya't itinatag ng Panginoon ang kaharian sa kaniyang kamay; at ang buong Juda ay nagdala kay Josaphat ng mga kaloob; at siya'y nagkaroon ng mga kayamanan at dangal na sagana. 6 At ang kaniyang puso ay nataas sa mga daan ng Panginoon: at bukod dito'y inalis niya ang mga mataas na dako at ang mga Asera sa Juda. 7 Nang ikatlong taon naman ng kaniyang paghahari ay kaniyang sinugo ang kaniyang mga prinsipe, sa makatuwid bagay si Ben-hail, at si Obdias, at si Zacharias, at si Nathaniel, at si Micheas, upang mangagturo sa mga bayan ng Juda. 8 At kasama nila ang mga Levita, na si Semeias, at si Nethanias, at si Zebadias, at si Asael, at si Semiramoth, at si Jonathan, at si Adonias, at si Tobias, at si Tob-adonias, na mga Levita; at kasama nila si Elisama, at si Joram na mga saserdote. 9 At sila'y nangagturo sa Juda, na may aklat ng kautusan ng Panginoon; at sila'y nagsiyaon sa palibot ng lahat na bayan ng Juda, at nangagturo sa gitna ng bayan. 10 At ang takot sa Panginoon ay nahulog sa lahat ng kaharian ng mga lupain na nangasa palibot ng Juda, na anopa't sila'y hindi nangakipagdigma laban kay Josaphat. 11 At ang ilan sa mga Filisteo ay nangagdala ng mga kaloob kay Josaphat, at pilak na pinakabuwis; ang mga taga Arabia man ay nangagdala rin sa kaniya ng mga kawan, na pitong libo at pitong daang lalaking tupa, at pitong libo at pitong daang kambing na lalake. 12 At si Josaphat ay dumakilang mainam; at siya'y nagtayo sa Juda ng mga kastilyo at mga bayang kamaligan. 13 At siya'y nagkaroon ng maraming mga gawain sa mga bayan ng Juda; at ng mga lalaking mangdidigma, na mga makapangyarihang lalaking matatapang, sa Jerusalem. 14 At ito ang bilang nila ayon sa mga sangbahayan ng kanilang mga magulang: sa Juda, ang mga pinunong kawal ng lilibuhin; si Adna na pinunong kawal, at ang kasama niya na mga makapangyarihang lalaking matatapang ay tatlong daang libo: 15 At sumusunod sa kaniya ay si Johanan na pinunong kawal, at kasama niya'y dalawang daan at walong pung libo; 16 At sumusunod sa kaniya ay si Amasias na anak ni Zichri, na humandog na kusa sa Panginoon; at kasama niya ay dalawang daang libo na mga makapangyarihang lalaking matatapang: 17 At sa Benjamin; si Eliada na makapangyarihang lalaking matapang, at kasama niya ay dalawang daang libong may sakbat na busog at kalasag: 18 At sumusunod sa kaniya ay si Jozabad, at kasama niya ay isang daan at walong pung libo na handa sa pakikipagdigma. 19 Ang mga ito ang nangaglingkod sa hari bukod doon sa inilagay ng hari sa mga bayang nakukutaan sa buong Juda. 1 Si Josaphat nga ay nagkaroon ng kayamanan, at dangal na sagana; at siya'y nakipagkamaganak kay Achab. 2 At pagkatapos ng ilang taon, kaniyang nilusong si Achab sa Samaria. At ipinagpatay siya ni Achab ng mga tupa at baka na sagana, at ang bayan na kasama niya; at inupahan siya na umahon na kasama niya sa Ramoth-galaad." (2 Cronica 17-18:2 KJV)***

Ang buhay ni Josapat at ang kanyang pagtugon sa tawag ng Dios ay magtuturo sa atin ng higit na mga magagandang aral at kung paano natin palalaguing maglingkod sa Dios at sa isang epektibo at mabungang paraan. Si Josapat ay naging isang hari pagkatapos ng pagkamatay ng kanyang amang hari na si Asa. Nang nakuha niya ang kaharain siya ay sumulong upang patatagin ang kanyang sarili laban sa Israel na humiwalay sa sangbahayan ni David at lumayo mula sa Dios at mula sa Kanyang Salita at lumayo mula sa pagsunod sa Kanyang mga utos. Mula sa buhay ni Haring Josapat matutunan mo ang mahahalagang aral kung paanong tumugon nang naayon sa tawag ng Dios.

1. ***Magkaroon ng kamalayan, at tuluyang iwasan ang mga nagdudulot ng pagkakabahagi-bahagi at inihiwalay ang kanilang sarili mula sa Simbahan ng Dios:*** ***"1 At si Josaphat na kaniyang anak ay naghari, na kahalili niya, at nagpakalakas laban sa Israel." (2 Cronica 17:1 KJV) "Sila'y nangagsilabas sa atin, nguni't sila'y hindi sa atin; sapagka't kung sila'y sa atin ay nagsipanatili sana sa atin: nguni't nangagsilabas, upang sila'y mahayag na silang lahat ay hindi sa atin." (1 Juan 2:19 KJV)***

2. ***Patuloy na gawin at panatihin ang mabubuting bagay na nasimulan nang mga nauna sa iyo***: Ipinagpatuloy ni Josapat at pinanatili ang nasimulan ng kanyang ama, ***"At siya'y naglagay ng mga kawal sa lahat ng bayang nakukutaan ng Juda, at naglagay ng mga pulutong sa lupain ng Juda, at sa mga bayan ng Ephraim, na sinakop ni Asa sa kaniyang ama." (2 Cronica 17:2 KJV)*** Ang mabuting gawa na nasimulan nang nauna sa iyo ay kailangan mong ipagpatuloy sa paggawa nito. Ipinagpatuloy ni Josapat ang parehong paninindigan ni Asa upang protektahan at pamunuan ang kanyang kaharian at magpatuloy sa parehong panindigan upang humiwalay sa Israel (ang sampung lipi ng Hilagang Kaharian na umalis mula sa sangbahayan ni David at ni Juda na hinahabol ang kanilang sariling mga dios-diosan) *Kaya't patuloy na gawin ang mabubuting bagay na nasimulan ng mga nauna sa iyo sa paninindigan at pagpapanataili ng simbahan. Patuloy na ihiwalay ang iyong sarili mula sa mga dios-diosan na tinuntun ng mga umalis sa simbahan*

*Para sa mabuting pagpapaalala. Ang sumusunod ay ilan sa mga dios-diosang ito na kailangan nating piliting labanan. Bagaman natalakay natin ito dati, ilan sa atin ay kailangan pa ring paalalahanan ng ganap upang isuko ang lahat ng mga dios-diosan at sa kanilang masasamang gawain.*

**A.** Ang dios-diosan ng laman sa anyo ng sekswal na imoralidad sa anyo ng pagtatagpo at panliligaw, pagkakaroon ng katipang lalaki at babae, pakikiapid, wala sa batas na pag-aasawa sa anyo ng pagtanggap ng pag-aasawa sa hindi mga mananampalataya, pagtanggap sa paghihiwalay at pag-aasawang muli, at pagtanggap sa isang solong ama at solong ina na magpakasal sa iba na hindi ina o ama ng kanyang anak o mga anak.

**B.** Ang dios-diosan ng pagkaing inihandog sa mga dios-diosan gaya ng isasalarawan dito:

- Ang pagdiriwang ng Pasko pagkatapos ng dios ng araw ng mga hitano. Na may Santa Claus, ang puno, katamaran ng mahabang bakasyon ng 2-3 linggo, ang pagpapalitan ng mga regalo, at ang mga pagtitipon, at magarbong paggastos, ang lahat ng ito ay ginawa sa pamamagitan ng pagana para sa kanilang dios ng araw sa kanilang pagdiriwang. Ang kapistahang iyon ng mga pagano ay ginawang Cristiano ng mga Catolikong Simbahan at hanggang sa ngayon ang mga simbahang Cristiano ay nahawaan ng lahat ng nasa itaas na nabanggit na mga pagsasagawa na hindi ganap na nasa Bibliya.
- Ang Bagong Taon na pagdiriwang. Ang pagdiriwang ng kapanganakan at aniversaryo ng kasal, mga pangyayari at pagdiriwang ng niluluwalhati ang mga tao at hindi ang Dios. Muli ang ganyang mga paganong pagdiriwang ay kinuha mula sa ugat ng sanglibutan at hindi mula sa Banal na Kasulatan at kinupkop sa simbahan ng Dios.
- Ang pagdiriwang araw ng Ama at Ina, ay kinuha mual sa sanglibutan at ipinakilala sa simbahan.
- Araw ng mga patay (Pag-aani), Araw ng lahat ng mga Santo, Buwan ng mga Pastor, Pagdiriwang ng mga babae, Pagdiriwang ng pamamaalam, at maari ka pang magdagdag sa listahan. sapagkat halos bawat kultura at pangkat etniko ay nagdagdag ng ilang mga dios-diosan at mga araw para sa pagdiriwang, nang walang anumang Biblikal na dahilan, sa buhay ng simbahan.

**C.** Ang dios-diosan ng kasakiman, ang pagibig sa salapi, at ang pananaghili. ***"Sapagka't talastas ninyong lubos, na sinomang mapakiapid, o mahalay, o masakim, na isang mapagsamba sa mga diosdiosan, ay walang anomang mamanahin sa kaharian ni Cristo at ng Dios." (Epeso 5:5 KJV) "Patayin nga ninyo ang inyong mga sangkap ng katawang nangasa ibabaw ng lupa, pakikiapid, karumihan, masamang pita, masasamang nasa, at kasakiman, na iya'y pagsamba sa mga diosdiosan;" (Colosas 3:5 KJV)***

**3.** ***Patuloy na tularan ang halimbawa ng karapat-dapat na mga pinuno ng simbahan na ipinakikita ang kanilang paglakad sa katotohanan:*** ***"At ang Panginoon ay sumasa kay Josaphat, sapagka't siya'y lumakad ng mga unang lakad ng kaniyang magulang na si David, at hindi hinanap ang mga Baal;" (2 Cronica 17:3 KJV)*** Sa Bagong Tipan tayo ay tinagubilan sa kautusan ito: ***"Alalahanin ninyo ang nangagkaroon ng pagpupuno sa inyo na siyang nangagsalita sa inyo ng salita ng Dios; at sa pagdidilidili ng wakas ng kanilang pamumuhay, ay inyong tularan ang kanilang pananampalataya." (Hebreo 13:7 KJV)*** Si Josapat ay lumakad sa unang mga daan ng kanyang amang si David. ***"At ang Panginoon ay sumasa kay Josaphat, sapagka't siya'y lumakad ng mga unang lakad ng kaniyang magulang na si David, at hindi hinanap ang mga Baal;" (2 Cronica 17:3 KJV)*** Mula kay David hanggang kay Josapat, ito ang mga hari, Solomon, Rohobam, Abija, Asa pagkatapos si Josapat. Siya ang pang-anim na hari mula kay David. Kaya may pagsasaalang-alang at mahabang panahon ng maraming mga taon na nahiwalay si Josapat mula kay David. Ngunit dahil siya'y naging hari. Sinimulang lumakad ni Josapat at sumunod sa Dios sa unang mga daan ng kanyang amang si David. Na parang sa kanyang narinig tungkol kay David, siya'y nagsiyasat pa tungkol sa kanya at malamang binasa ang kasulatan ni Samuel at ni David at pinagpasyahan pa kung paanong nabuhay si David para sa Dios at sumunod sa mga utos na ibinigay ng Dios kay Moises. *Sa pagsunod sa halimbawa ni David na sumusunod at tumatalima sa kalooban at mga utos ng Dios, na nagdala sa kalagayan ni Josapat, na ang Panginoon ay sumasa kanya.*

*Sa parehong paraan ang Dios ay sasaatin kung hahanapin natin Siya. Magagawa nating makamit iyon sa pamamagitan ng pagsunod sa halimbawa ng mga makaDios na mga pinuno at sa pagsunod sa mga halimbawa ng mga banal na lalake ng Dios na isinalarawan sa atin ng Banal na Kasulatan ang kanilang buhay.*

**4.** ***Hanapin ang Dios sa pamamagitan ng Kanyang Salita at tanggihan ang masasamang gawain na ginagamit ng iba sa ministeryo:*** ***"at hindi hinanap ang mga Baal;" "4 Kundi hinanap ang Dios ng kaniyang ama, at lumakad sa kaniyang mga utos, at hindi ayon sa mga gawa ng Israel." (2 Cronica 17:3-4 KJV)*** Lumayo si Josaphat at iniwasan ang pagsamba kay Baal na ipinakilala sa Israel ni Jezebel na asawa ni Haring Achab. Sa gayong pagsamba ay iginagalang ang imoralidad, at ang kapalaluan, pagmamalaki at pagpapakita ay bahagi nito. Hindi ginaya ni Josapat ng masasamang gawain at ang masamang paraan ng ministeryo na nangyayari sa kanyang palibot. Sa halip, sinimulan niyang hanapin ang Dios at ginawa niya iyon sa pagbabasa at pagbubulay-bulay ng Salita ng Dios, at nang ginawa niya iyon, natuklasan niya ang mga utos ng Dios, at sa gayon sunimulan niyang tuntunin ang mga ito at sundin ang mga ito. *Kaya't, basahin ang iyong Bibliya, at patuloy na pagbulayan ang Salita ng Dios, huwag pagbulayan o tularan ang mga tao o ang mga ministerio sa paligid mo, kundi sundin at isapamuhay ang mga utos ng Dios.*

**5.** ***Lumayo sa mga tao at mga simbahan na tinatawag ang kanilang sarili mga Cristiano ngunit sila'y hindi tunay na mga alalgad ni Jesus:*** ***"Kundi hinanap ang Dios ng kaniyang ama, at lumakad sa kaniyang mga utos, at hindi ayon sa mga gawa ng Israel." (2 Cronica 17:3-4 KJV)*** Si Josapat ay hindi sumunod sa ginagawa ng Israel. Ang mga Israelita sila'y sumasamba sa Dios sa maling paraan. Sila'y may sariling mga dios-diosan at mga programa na hindi batay sa Salita at mga utos ng Dios. Sa ngayon marami ang tinatawag na mga Cristianong simbahan at mga manggagawa sila'y hindi naglilingkod batay sa Salita ng Dios, Kundi sa mga pagsasaya at iba't ibang makamundong mga kapistahan at pagdiriwang (pagdiriwang ng kapanganakan, kapistahan ng palakasan, pagsusubasta, gabi ng pamilya, paligsahan ng basketball, atbp.) Ang lahat ng ito ay ipinakilala sa simbahan sa pagsalungat sa Salita at mga utos ng Dios. Ang gayong uri ng mga Cristiano at simbahan pinararangalan nila at tinatanggap ang mga demonyo na naimpluwesyahan ng mga bagay (Spiderman, Superman, Bin ten, Mga Alien, atbp.) *Kaya't iwasan mahawa o makisangkot sa naturang mga simbahan at sa gayong mga gawain*

*Ngunit maari mong subukan na turuan ang mga taong iyon na lumayo sa ganoong masasamang gawain ngunit kung ayaw nila at sila'y nakapaloob na doon, sa gayo'y kailangan mong iwasan sila at lumayo sa kanila. Lumabas sa gayong mga bagay at bumalik sa tawag ng Dios at tumugon nang naaangkop sa Kanya.*

6. ***Itatatag ng Dios ang iyong ministeryo kapag ikaw ay tumugon sa gayong paraan ng Kanyang pagtawag:*** ***"Kaya't itinatag ng Panginoon ang kaharian sa kaniyang kamay; at ang buong Juda ay nagdala kay Josaphat ng mga kaloob; at siya'y nagkaroon ng mga kayamanan at dangal na sagana." (2 Cronica 17:5 KJV)*** Sa mga nagparangal sa Dios, pararangalan ng Panginoon at idadagdag sa kanila ang kayaman at kaloob. Nang ginawa ni Josapat ng maayos, itinatag ng Panginoon siya, at idinulot sa kanyang bayan na magdala ng mga kaloob sa kanya. *Gagawin ng Dios ang katulad sa iyo gaya ng pagpaparangal mo sa kanya at handang sumunod at tumalima sa Kanyang kalooban at mga kautusan. Matakot sa Dios at iwasan ang lahat ng masasamang gawaing ito at ang Panginoon ang magtataas sa iyo.*

7. ***Itaas pa ang inyong puso nang higit pa upang higit na maakit sa kalangitan patungo sa Dios:*** ***"At ang kaniyang puso ay nataas sa mga daan ng Panginoon: at bukod dito'y inalis niya ang mga mataas na dako at ang mga Asera sa Juda." (2 Cronica 17:6)*** Nang ang Dios ay mapagbiyaya at mabuti kay Josapat, siya sa pagbabalik ay gumawa ng mas mabuti sa Dios, *Kapag ginantimpalaan ka ng Dios at ipinagkakaloob sa iyo ang higit na mga parangal sa gayon kailangan mong lumapit sa Dios at maging mas mabuti sa Kanya.* Ipinakita pa ni Josapat ang pagtatalaga sa Dios at lumayo sa masasamang gawain ng mga tao. Siya'y naging mas mahigpit at inalis pa ang matataas na dako at puno sa labas ng Juda, ***"at bukod dito'y inalis niya ang mga mataas na dako at ang mga Asera sa Juda." (2 Cronica 17:6)*** ito ang mga lugar na ang mga tao'y sumasamba sa Dios sa maling paraan.

- *Sa gayon gawin ang katulad at lumapit sa Dios, at lumayo sa masasamang gawain ng mga tao.*
- *Huwag tularan ang halimbawa ng hindi tapat na lumayo sa Dios nang binigyan Niya sila ng mga kayamanan at karangalan.*
- *Huwag samantalahin ang Diyos at lumayo sa Kanya patungo sa mundo at sa mga dios-diosan kapag pinagpapala ka niya. Sa paglilingkod sa Panginoon ikaw ay paakyat mula sa antas patungo sa mas mataas na antas kapag ipinakita mong tapat ka sa Diyos.*
- *Itataas ka ng Panginoon sa mas mataas na antas kapag napatunayan mo ang iyong katapatan sa Kanya.*

8. ***Dalhin ang iyong Bibliya at sumulong at ituro ang Salita ng Dios sa mga taong nasa paligid mo, at sanayin ang iba na gawin din ito:*** ***"7 Nang ikatlong taon naman ng kaniyang paghahari ay kaniyang sinugo ang kaniyang mga prinsipe, sa makatuwid bagay si Ben-hail, at si Obdias, at si Zacharias, at si Nathaniel, at si Micheas, upang mangagturo sa mga bayan ng Juda. 8 At kasama nila ang mga Levita, na si Semeias, at si Nethanias, at si Zebadias, at si Asael, at si Semiramoth, at si Jonathan, at si Adonias, at si Tobias, at si Tob-adonias, na mga Levita; at kasama nila si Elisama, at si Joram na mga sacerdote. 9 At sila'y nangagturo sa Juda, na may aklat ng kautusan ng Panginoon; at sila'y nagsiyaon sa palibot ng lahat na bayan ng Juda, at nangagturo sa gitna ng bayan." (2 Cronica 17:7-9 KJV)*** Ang karagdagang espirituwal na kasangkapan sa pakikidigma na ginamit ni Josaphat, ay noong sinanay niya ang iba na sundin ang natutuhan niya mula sa Diyos, at isinugo niya sila para turuan ang iba.

*Sa pagdadala ng Bibliya saan ka man pumunta at kumilos at magturo sa iba ay isang karangalan at katapatang katangian patungo sa Dios. Gagantimpalaan ng Panginoon ang gayong katangian gaya nang pinarangalan Niya si Josapat.* ***"At ang takot sa Panginoon ay nahulog sa lahat ng kaharian ng mga lupain na nangasa palibot ng Juda, na anopa't sila'y hindi nangakipagdigma laban kay Josaphat." (2 Cronica 17:10 KJV)*** *Hindi ka maaring pumunta at labanan ang ibang tao, at hindi ka maaring pumunta at pigilan sila sa pakikipaglaban sa iyo. Ngunit bilang pagsunod mo sa Dios at paglingkuran Siya at turuan ang iba ng Kanyang mga daan at ng Kanyang Salita, sa gayon Siya ang makikipaglaban para sa iyo.*

*Hindi lamang iyon, ngunit idadag pa sa iyo ng Dios ang higit na mga kayamanan at kasaganaan at higit na mga materyal na mga pagpapala gaya ng idinagdag Niya kay Josapat.* ***"At ang ilan sa mga Filisteo ay nangagdala ng mga kaloob kay Josaphat, at pilak na pinakabuwis; ang mga taga Arabia man ay nangagdala rin sa kaniya ng mga kawan, na pitong libo at pitong daang lalaking tupa, at pitong libo at pitong daang kambing na lalake." (2 Cronica 17:11 KJV)***

9. ***Gamitin ang ibinibigay ng Dios sa iyo upang isulong ang ministeryo at paglilingkod sa Dios:*** ***"12 At si Josaphat ay dumakilang mainam; at siya'y nagtayo sa Juda ng mga kastilyo at mga bayang kamaligan." (2 Cronica 17:12 KJV)*** Si Josapat ay kasangkot sa pagtatayo ng mga maraming mga ministério at ginamit ang mga ibinigay sa kanya ng Dios upang itaguyod ang gawain ng Dios, ***"13 At siya'y nagkaroon ng maraming mga gawain sa mga bayan ng Juda; at ng mga lalaking mangdidigma, na mga makapangyarihang lalaking matatapang, sa Jerusalem. Makikita mo na may pagdami sa paraan na itinaguyod ng Dios si Josapat, at itinaas siya sapagkat siya'y tapat sa Dios. Binigyan siya ng Dios ng malaking hukbo na lampas sa isang milyon. "14 At ito ang bilang nila ayon sa mga sangbahayan ng kanilang mga magulang: sa Juda, ang mga pinunong kawal ng lilibuhin; si Adna na pinunong kawal, at ang kasama niya na mga makapangyarihang lalaking matatapang ay tatlong daang libo: 15 At sumusunod sa kaniya ay si Johanan na pinunong kawal, at kasama niya'y dalawang daan at walong pung libo;" (2 Cronica 17:14-15 KJV)*** Gayundin binigyan siya ng Dios ng mga taong kusang inihandog ang kanilang sarili sa Panginoon. ***"16 At sumusunod sa kaniya ay si Amasias na anak ni Zichri, na humandog na kusa sa Panginoon; at kasama niya ay dalawang daang libo na mga makapangyarihang lalaking matatapang: 17 At sa Benjamin; si Eliada na makapangyarihang lalaking matapang, at kasama niya ay dalawang daang libong may sakbat na busog at kalasag: 18 At sumusunod sa kaniya ay si Jozabad, at kasama niya ay isang daan at walong pung libo na handa sa pakikipagdigma. 19 Ang mga ito ang nangaglingkod sa hari bukod doon sa inilagay ng hari sa mga bayang nakukutaan sa buong Juda." (2 Cronica 17:16-19 KJV)*** *Ang katulad ay gagawin din sa iyo ng Dios kapag nakita ka Niyang tapat at ginagawa*

*ang iyong pinakamahusay upang isulong ang gawain ng Dios at ang ministeryo ng Dios. Idadag Niya as iyon ang higit at magdadala ng mga tao sa iyo na handang ihandog ang kanilang sarili nang kusa as gawain ng Dios.*

*Huwag tularan ang masamang halimbawa ng ibang mga tao: Nang binigyan sila ng Dios at nagdagdag sa kanila at pinagpala sila, makikita mong lumayo sila sa mga daan ng Dios at umalis at naging abala sa kanilang sariling buhay at mga gawain. Ang gayong katangiann ay huwag kupkupin, dahil ito'y hindi magdudulot sa iyo ng mga pagpapala ni magtataguyod sa iyo o sa iyong ministério.*

**10.** ***Huwag kailanman bumaba at gawin ang ginawa ni Josapat sa pakikipag-ugnayan sa mga taong hindi tapat at makipag-asawa sa kanila:*** ***"1 Si Josaphat nga ay nagkaroon ng kayamanan, at dangal na sagana; at siya'y nakipagkamaganak kay Achab. 2 At pagkatapos ng ilang taon, kaniyang nilusong si Achab sa Samaria. At ipinagpatay siya ni Achab ng mga tupa at baka na sagana, at ang bayan na kasama niya; at inupahan siya na umahon na kasama niya sa Ramoth-galaad." (2 Cronica 17-18:2 KJV)*** Pinagpala ng Dios si Josapat at siya ay napaka tapat sa Dios, ngunit ang pakikipag-ugnayan na kanyang ginawa sa isang tao at sa mga taong iniwan ang Dios ang kanyang mga utos, kagaya ni Ahab at ang bayan ng Israel, ay hindi tamang hakbang at ang Panginoon ay hindi nalugod doon. Kaya't si Josapat ay sinaway para doon, ***"1 At si Josaphat na hari sa Juda ay umuwing payapa sa kaniyang bahay sa Jerusalem. 2 At si Jehu na anak ni Hanani na tagakita ay lumabas na sinalubong siya, at sinabi sa haring Josaphat: Tutulungan mo ba ang mga masama at mamahalin yaong mga napopoot sa Panginoon? dahil sa bagay na ito ay kapootan ang sasaiyo na mula sa harap ng Panginoon. 3 Gayon ma'y may mabuting mga bagay na nasumpungan sa iyo, sa iyong pagaalis ng mga Asera sa lupain, at inilagak mo ang iyong puso upang hanapin ang Dios." (2 Cronica 19:1-3 KJV)*** Kung babasahin mo ang pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari, sa ***2 Cronica mga kabanata 21-23***, pagkatapos ng pagkamatay ni Josapat, malalaman mo kung paano itinaguyod ng pamilya ni Ahab na ipinakilala sa Juda ang pagkasira sa Kaharian ng Diyos sa pamamagitan ng pagpapakilala ng pagsamba kay Baal sa Jerusalem. (Pakiusap basahin ang ***2 Mga Cronica kabanata 21-23*** sa sarili ninyong Biblia).

*Huwag kailanman, payagan ang gayong uri ng mga pag-aasawa sa mga hindi mananampalataya na maganap sa buhay ng simbahan, kung saan ang pagsamba sa dios-diosan at kamunduhan ay ipapakilala sa simbahan ng Diyos, at kalaunan iyon ay magtataguyod ng kapahamakan*.

***Sa aking mahal at minamahal***: Ang Salita ng Dios ay kailangan natin ngayon upang sundi at isagawa sa ating buhay. Muli nating pag-aralan ang mga alituntuning natutuhan natin sa mensaheng ito at pag-aralan ito at tingnan ang ating sarili at tingnan kung nasaan tayo at kung ano ang kailangan nating gawin upang makasunod sa kalooban ng Diyos at sa Kanyang Salita:

1. *Magkaroon ng kamalayan, at iwasan ang lubos na mga taong nagdudulot ng pagkakabahagi-bahagi at inihiwalay ang kanilang sarili sa Simbahan ng Diyos.*
2. *Patuloy na humiwalay sa mga dios-diosan na tinunton ng mga umalis sa simbahan.*
3. *Patuloy na gawin at panatilihin ang mga magagandang bagay na sinimulan ng mga nauna sa iyo.*
4. *Patuloy na tularan ang halimbawa ng mga karapat-dapat na mga pinuno ng simbahan na ipinakikita ng kanilang paglakad sa katotohanan.*
5. *Patuloy na tularan ang mga halimbawa ng mga banal na lalaking iyon ng Diyos na inilalarawan sa atin ng Kasulatan ang kanilang buhay. Ang Diyos ay makakasama natin kung hahanapin natin Siya sa ganoong paraan.*
6. *Hanapin ang Diyos sa pamamagitan ng Kanyang Salita at tanggihan ang masasamang gawain na ginagamit ng iba sa ministeryo:*
7. *Kaya't, basahin ang iyong Bibliya at patuloy na pagnilayan ang Salita ng Diyos. Huwag mong pagnilayan o tularan ang mga tao o ang mga ministeryo sa paligid mo, kundi, sundin at ipamuhay ang mga utos ng Diyos.*
8. *Lumayo sa mga tao at simbahan na tinawag ang kanilang sarili na mga Cristiano ngunit hindi sila'y tunay na mga alagad ni Jesus.Kaya't, iwasan na mahawa o makisangkot sa naturang mga simbahan at sa kanilang mga gawain.*
9. *Maaari mong subukang turuan ang mga taong iyon na lumayo sa gayong maling mga gawain ngunit kung hindi sila handa at sila'y nakapaloob na doon, kung gayon kailangan mong iwanan sila at lumayo sa kanila. Lumabas mula sa gayong mga bagay at bumalik sa tawag ng Diyos at tumugon nang naaangkop sa Kanya.*
10. *Itatatag ng Diyos ang iyong ministeryo kapag tumugon ka sa gayong tapat na paraan, sa Kanyang tungkulin.*
11. *Kapag natakot ka sa Diyos at iniiwasan mo ang lahat ng masasamang gawain na ginagawa ng iba sa ministeryo, itataas ka ng Panginoon at gagantimpalaan ka.*
12. *Hayaan ang inyong puso na itaas nang higit pa upang mas maakit ang langit patungo sa Diyos.*
13. *Kapag ginagantimpalaan ka ng Diyos at binibigyan ka ng higit pang mga karangalan sa gayon ay kailangan mong lumapit sa Diyos at maging mas mabuti sa Kanya.*
14. *Huwag tularan ang halimbawa ng mga hindi tapat na lumayo sa Diyos nang binigyan Niya sila ng kayamanan at karangalan.*
15. *Huwag mong samantalahin ang Diyos at lumayo ka sa Kanya patungo sa mundo at sa mga dios-diosan kapag pinagpapala ka niya. Sa paglilingkod sa Panginoon ikaw ay paakyat mula sa antas patungo sa mas mataas na antas kapag ipinakita mong tapat ka sa Diyos.*

16. *Huwag tularan ang masamang halimbawa ng ibang tao: Nang binigyan sila ng Dios at nagdagdag sa kanila at pinagpala sila, makikita mong lumayo sila sa mga daan ng Dios at umalis at naging abala sa kanilang sariling buhay at mga gawain. Ang gayong katangiann ay huwag kupkupin, dahil ito'y hindi magdudulot sa iyo ng mga pagpapala ni magtataguyod sa iyo o sa iyong ministerio.*
17. *Dalhin ang iyong Biblia at sumulong at ituro ang Salita ng Diyos sa mga tao sa paligid mo, at sanayin ang iba na gawin din ito.*
18. *Gamitin ang ibinibigay sa iyo ng Diyos upang isulong ang ministeryo at paglilingkod sa Diyos.*
19. *Huwag kailanman bumaba at gawin ang ginawa ni Josaphat sa pakikipag-ugnayan sa mga taong hindi tapat at makipag-asawa sa kanila.*
20. *Huwag kailanman, hayaang mangyari ang gayong uri ng pag-aasawa sa mga hindi mananampalataya sa buhay ng simbahan, kung saan ang pagsamba sa dios-diosan at pagiging makamundo ay ipapasok sa simbahan ng Diyos, at lubos na magtataguyod ng kapahamakan.*

***Ang aking Panalangin:*** *Amang Dios ako ay lumalapit sa iyo sa pangalan ni Jesus, na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan at nabuhay na maguli sa mga namatay upang bigyan ako ng walang hanggang buhay.*

*Panginoon patawarin ako sa pagiging kampante sa pagsunod sa iyong Salita at mga utos at nasasangkot ng higit sa makamundong mga paraan kasabay ng ibang mga taong nakapalibot sa akin.*

*Panginooon ako'y nagsisisi sa mga sumusunod na mga kasalanan ______________________________. Panginoon tinatalikuran ko ang lahat ng mga ito.*

*Ating ipahayag at magsisi at sa ating mga kasalanan.*

*Panginoon ipinangako ko ang aking sarili na lumayo mula sa sumusunod na mg adios-diosan _____________________.*

*Panginoon itinataas ko ang aking puso upang magalak sa iyong mga daan at sa pagsunod sa iyong mga utos.*

*Panginoon ipinangako ko ang aking sarili sa lahat ng mga alintuntunin na aking natutunan mula sa mensaheng ito ng iyong Salita.*

*Panginoon ipinangako ko ang aking sarili na magpatuloy na dalhin ang aking Bibliya at pumaroon at pumunta sa mga lugar gaya na ako'y iyong pinangunahan, na magturo sa iab ng Iyong Salita at mga utos.*

*Panginoon ipinangako ko ang aking sarili na maging tapat sa iyo sa paraan ng paggamit at paggugo sa mga mapagkukunan na ibinigay mo sa akin para sa iyong kalooban at kaluwalhatian.*

*Panginoon ipinangako ko ang aking sarili na payagan ang hindi makadios nap ag-aasawa sa mga hindi mananampalataya at sa mga taong hindi tapat sa iyo na maganap sa iyong simbahan.*

*Panginoon bigyan mo ako ng kalakasan at mabuting kalusugan na pumaroon at maglingkod sa iyo. Panginoon puspusin mong muli ako ng iyong Banal na Espiritu at bigyan ako ng mga espirtuwal na mga kaloob na kailangan ko sa aking paglilingkod at ministeryo sa iyo. Panginoon proektahan ako mula sa masama at sag awa ng Diablo sa pangalan ni Jesus.*

*Panginoon bigyan moa ko ng pagkilala at pag-iingat na lumayo mula sa mga tao at ministerio na hindi nakalulugod sa iyong paningin.*

*Panginoon dalangin ko sa aking mga kapatid na Lalaki at Babae na ipinangko ang kanilang buhay sa alintuntunin na aming natutunan mula sa iyong Salita sa mensaheng ito. Panginoon protektahan mo sila at ibigay sa kanila ang lahat ng kanilang mga kailangan. Panginoon gawin ang kanilang buhay na mabuting halimbawa sa iba upang makikilala ka ar mapalapit sa iyo. Panginoon puspusin sila ng iyong Banal na Espiritu upang sila'y makakilos at ipangaral ang evangelio sa iba at upang turuan sila ng iyong Salita.*

*Panginoong bigyang-daan kami bilang isang simbahan na manindigan sa lahat ng anyo ng dios na sinasamba at ang kamunduhan, at tulungan kaming abuti ang bagong mga lugar at ang bagong mga tao ng Evangelio ni Jesus. Panginoon tulungan kaming magtanim ng bagong pag-aaral ng Bibliya at kapisanan. Panginoon kami'y nanaghoy sa iyo na manguna ka sa amin at labanan ang aming mga pakikipagbaka. Panginoon walang kami iba kundi ikaw. Panginoon pagpalain kami, palawakin ang aming lupain, sumaamin nawa ang iyong kamay at ilayo kami sa kapahamakan upang hindi namin madama ang sakit. Nawa ang biyaya ng Panginoong Jesus at ang pagibig ng Dios at ang pakikipagpisan ng Banal na Espiritu ay sumaating lahat sa pangalan ni Jesus, Amen.*

Dr.Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates

Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#:00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espiritual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE3803151576003753162014
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito:
00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansiyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com.